5 Paglipat sa isang bahay

5-2 Mga patakaran sa inyong tinitirhang lugar

(1) Ang pagtapon ng basura

Ang paraan ng pagtapon ng basura ay naiiba depende sa distritong tinitirhan. Iba-iba rin ang mga uri ng basura at ang oras at araw kung kailan maaari itong itapon batay sa uri nito. May bayad ang pagtatapon ng mga malalaking basura at mayroon ding mga hindi tinatanggap kaya't kailangan magtanong sa fudousanya, mga kapit-bahay o munisipyo ukol dito. Binigyan ng importansya ang pag-rerecycle at ang pagbabawas ng basura sa Japan. (Basahin ang O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay 2-2 Tuntunin at kaugalian sa pamumuhay: Basura para sa mga detalye.)

[Ang mga kailangang tiyakin]

- Paghihiwalay ng basurang nasusunog at hindi nasusunog.
- Paghihiwalay ng basurang maaaring magamit muli (shigen gomi) tulad ng bote, lata, boteng plastik, dyaryo at iba pa.
- Lugar kung saan maaaring magtapon ng basura
- Oras at araw ng pagtatapon ng basura ayon sa uri nito
- Pagtatapon ng malalaking basura
- Mga takdang lalagyan/plastik ng basura

at iba pa

M Tirahan at Paglipat-bahay

Bumalik sa TOP ng M Tirahan at Paglipat-bahay

[Halimbawa ng paghihiwalay]

Basurang nasusunog
(moeru gomi)

Mga nabubulok na basura galing sa kusina, mga papel, kusot, mga damit (Depende sa distrito, maaaring itinuturing itong basurang maaaring magamit muli).

Basurang hindi nasusunog
(moenai gomi)

Mga metal, babasagin, palayok, maliit ng gamit de-kuryente, plastik, gamit na gawa sa goma at iba pa.

Basurang maaaring magamit muli
(shigen gomi)

Lata, boteng babasagin, tetra-pack, dyaryo at iba pa. May mga distritong hiwalay itong kinukuha.

Malalaking basura
(sodai gomi)

Ang mga hindi na kinakailangan sa bahay na may laki na humihigit sa 30 cm tulad ng mga kasangkapan sa bahay, kama, gamit de-kuryente (maliban sa air-com, telebisyon, pridyeder at makinang panklaba), bisikleta at iba pa.

[Tala] Paghihiwalay ng basura

- Mayroong iba't ibang paraan ng pagtawag sa basura depende sa distrito tulad ng "kanen gomi (basurang nasusunog) at funen gomi (basurang hindi nasusunog)," "moeru gomi (basurang nasusunog) at moenai gomi (basurang hindi nasusunog)," "moyaseru gomi (basurang nasusunog) at moyasenai gomi (basurang hindi nasusunog)."
- Dating itinuturing na "funen gomi (basurang hindi nasusunog)" ang mga basurang naglalabas ng nakalalasong gas kapag sinunog o mga basurang umiinit ng husto kapag sinunog na nasisira ang makinang nagsusunog. Ngayon, iba't iba ang paraan ng paghihiwalay ng mga basura depende sa distrito kaya't alamin ito nang mabuti.
- Mayroong mga basurang nasusunog subalit ayon sa mga distrito ay itinuturing na basurang hindi nasusunog..

(2) Ang paggamit ng kusina

Panatiliing malinis at maayos ang kusina. Huwag magtapon ng basura o mantika sa agusan ng lababo dahil ito ang nagiging sanhi ng pagbabara at ito rin ang nagiging sanhi ng polusyon sa ilog at dagat. Gumamit ng dyaryo sa pagtatapon ng mantika upang masipsip ito at itapon kasama ng mga basurang nasusunog.

(3) Paalala tungkol sa pag-iingay

Iwasan ang pag-iingay lalo na mula gabi hanggang umaga dahil ito ang nagiging sanhi ng problema sa inyong

pakikitungo sa mga kapit-bahay. May mga pagkakataong nagdudulot ng problema ang ingay mula sa telebisyon o ispiker, instrumentong pang-musika, makinang panlaba o vacuum cleaner, tubig mula sa paliguan, pagbukas at pagsara ng pintuan at pag-uusap nang may malakas na boses. Mag-iingat lagi sa pag-iingay

Ang mga maaaring maging pagmulan ng ingay

ingay mula sa telebisyon, ispiker, radyo

makinang panlaba o vacuum cleaner

pag-uusap nang may malakas na boses

pagbukas at pagsara ng pintuan

(4) Paggamit ng paliguan at banyo

Kung ang agusan ng tubig sa paliguan o banyo ay nagbara, ang tubig ay aapaw at ito ay magbibigay ng malaking problema. Kung sakaling nabara at umapaw ang tubig at ito ay tumagas sa ibabang kuwarto, ito ay kinakailangang bayaran. Huwag bayaang umagos ang buhok sa agusan ng paliguan at huwag magtapon ng ibang bagay sa kubeta bukod sa toilet paper (natutunaw sa tubig) (hindi dapat itapon ang tisyu (hindi natutunaw sa tubig) o ang napkin para sa regal).

M Tirahan at Paglipat-bahay

Bumalik sa TOP ng M Tirahan at Paglipat-bahay



Aapaw ang tubig kapag ang agusan ay nagbara.

Huwag magtapon ng ibang bagay sa banyo bukod sa toilet paper.

Toilet paper

Tissue paper

(5) Paggamit ng veranda o balkonahe

Kung ang veranda o balkonahe ay ginagamit na lagusan para sa oras ng sakuna, tiyaking walang mga bagay na makakasagabal dito. Iwasan ding maglagay ng mga gamit na sumasagabal sa namamagitang pader sa inyong veranda at ang veranda ng inyong kapit-bahay.

Sa pagbibilad ng mga kumot o kaya ay paglalagay ng mga halaman sa veranda o balkonahe, ingatang huwag mahulog ang mga ito.

Ingatang huwag mahulog ang mga binibilad na kumot o mga halaman na nakalagay sa veranda o balkonahe.

(6) Paggamit ng mga bahagi ng lugar na ginagamit ng lahat ng naninirahan

Ang mga hagdan at pasilyo o daanan ay pangkaraniwang lugar na ginagamit ng lahat ng naninirahan. Sa oras ng lindol o sunog, ito ay nagsisilbing lagusan kaya huwag maglagay ng mga gamit dito.

(7) Paggamit ng paradahan ng bisikleta at kotse

Iparada ang mga kotse o bisikleta sa naaayong paradahan para dito.

Kinakailangan ng takdang paradahan ang mga kotse at hindi ito maaaring iparada sa kalsada. May bayad ang takdang paradahan at binabayaran ito buwan-buwan. Kahit na walang nakaparada, iwasang pumarada sa lugar

na hindi nakatakda para sa inyo